Multi-age classes (mga klase na may magkakaibang edad): papel ng impormasyon para sa mga magulang at mga tagapag-alaga

Ano ang multi-age classes?

Ang multi-age classes ay kasama ang mga mag-aaral na nagmumula sa higit na iisang antas ng taon. Maaaring kabilang sa mga klaseng ito ang mga mag-aaral na nasa isang yugto ng kurikulum (one curriculum stage) o mula sa maraming mga yugto ng kurikulum (multiple curriculum stages).

Ang kurikulum sa NSW ay isinaayos ayon sa mga sumusunod na yugto:

Maagang Stage 1: Kindergarten

Stage 1: Year 1 at Year 2

Stage 2: Year 3 at Year 4

Stage 3: Year 5 at Year 6

Ang mga mag-aaral ay natututo mula sa yugto ng kurikulum na nauugnay sa kanila, kung sila man ay nasa isang multi-age (magkakaibang edad) o single-year (tig-iisang taon) na klase. Halimbawa, ang isang mag-aaral sa Year 2 sa isang klase ng Year 1/2, ay nag-aaral ng Year 2 (Stage 1) curriculum, sa parehong paraan na ang isang mag-aaral sa Year 4 sa isang klase ng Year 4/5/6 ay natututo sa Year 4 (Stage 2) curriculum.

Bakit maaaring magkaroon ng multi-age classes ang paaralan ng aking anak?

Ang multi-age classes ay karaniwan sa mga paaralan sa Australia at maaaring lilikhain ito dahil sa:

- **Mga pamamaraan ng pag-enrol** – ang mga laki ng grupo sa bawat taon (year group sizes) ay nag-iiba sa bawat taon. Ang multi-age classes ay tumutulong sa mga paaralan na makalikha ng mga balanseng laki ng mga klase.
- **Mga pakinabang sa edukasyon** – maaaring gamitin ng mga paaralan ang mga ganitong istraktura sa klase dahil sa mga pakinabang sa pag-aaral at lipunan na maaaring ibinibigay ng mga ito.
- **Maliliit na mga paaralan** – ang multi-age classes ay karaniwan sa mga paaralang maliliit at sa mga kanayunan, kung saan ang mga ito ay nakakatulong na makalikha ng kumpletong mga klase.

CC BY

Paano inilalagay ang mga mag-aaral sa isang multi-age class?

Ang mga punong-guro at mga guro ay nagdedesisyon sa mga pagkakalagay ng mga mag-aaral sa silid-aralan (class placements) sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang sa:

- Pag-aaral at pakikisali ng mga mag-aaral.
- Ang pagkakahalo ng mga mag-aaral sa buong paaralan.
- Isang pagbalanse ng mga kalakasan, mga interes at mga pangangailangan sa pag-aaral.
- Kagalingang panlipunan at mga pakikipagkaibigan.
- Epektibong pagtuturo ng kurikulum
- Ang pag-organisa ng mga pagsasaayos at mga suporta sa mga klase.

Ang pagkakalagay sa mga klase ay ginagawa ayon sa pinakamahusay na interes ng estudyante upang suportahan ang pag-aaral. Ang pagkakalagay sa isang multi-age class ay **hindi** nangangahulugan na ang isang mag-aaral ay higit o mas mababa sa mga inaasahan sa yugto ng kurikulum.

Ano ang hitsura ng pag-aaral sa mga multi-age class?

Pinaplano ng mga guro ang pag-aaral gamit ang NSW curriculum at inaayos ang kanilang pagtuturo upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral. Ito ay tinatawag na **pagkakaiba-iba (differentiation)** at nangyayari sa lahat ng mga silid-aralan dahil ang mga mag-aaral ay natututo sa iba't-ibang mga antas.

Sa isang multi-age class, ang mga guro ay gumagamit ng iba't-ibang mga pamamaraan upang suportahan ang mga mag-aaral na mapaunlad ang kanilang pag-aaral. Maaaring kabilang dito ang:

- magkakasamang pagtuturo sa buong klase para sa ilang mga aktibidad
- pagsasagawa sa mga maliliit na grupo para sa mga partikular na aktibidad ng pag-aaral
- magkakaiba-ibang pag-aaral (differentiated learning) upang makapagbigay ng paghamon o suporta
- pag-aayos sa mga aktibidad, mga mapagkukunan o mga paraan sa pagpapakita ng mga mag-aaral ng kanilang pinag-aaralan.

Sinagot ang iyong mga tanong

Mas kaunti bang atensyon mula sa guro ang makukuha ng aking anak?

Ang istraktura ng klase ay hindi nakakapagpasya kung gaano karaming atensyon ang makukuha ng isang estudyante. Ang mga aralin ay pinaplano ng mga guro na may kamalayan na ang mga estudyante ay nasa iba't-ibang yugto ng pag-aaral, na katulad sa mga tig-iisang taon na klase (single-year classes).

Uulitin ba ng aking anak ang trabahong natapos na niya?

Sinusubaybayan ng mga guro ang pag-unlad ng mag-aaral at pinaplano ang kanilang mga aralin nang naaayon. Patuloy na pag-aaralan ng mga estudyante ang kanilang nauugnay na kurikulum at masusuportahan na sumulong sa bagong pag-aaral.

Makikita pa rin ba ng aking anak ang kanyang mga kaibigan?

Isinasaalang-alang ng mga paaralan ang mga pakikipagkaibigan kapag bumubuo ng mga klase. Kaya pa ring makipag-ugnayan ang mga mag-aaral sa kanilang mga kaibigan sa mga oras ng pahinga (breaks) at sa mga aktibidad ng buong paaralan.

Maaapektuhan ba ng multi-age classes kung paano tinuturuan aking anak?

Ang mga guro ay gumagamit ng malinaw na pagtuturo at inaayos ang kanilang pagtuturo batay sa karunungan, pagtatasa, mga kalakasan at mga pangangailangan ng mga mag-aaral. Nangyayari ito sa lahat ng uri ng klase.

Magkakaroon ba ang aking anak ng mga pagkakataon para sa pagpapayaman sa edukasyon (enrichment) o nararapat na paghamon?

Lahat ng mga pampublikong paaralan sa NSW ay sumusuporta sa mga mag-aaral na may mataas na potensyal o mga talentong kakayahan sa ilalim ng High Potential and Gifted Education Policy ng departamento. Hinahanap ng mga guro ang kalakasan ng mga mag-aaral at nagpaplano ng mga nararapat na pagpapayaman sa edukasyon o pagpapalawig na katugma. Nangyayari ito sa bawat uri ng klase. Ang pagkakalagay sa isang multi-age class ay hindi naglilimita sa mga pagkakataong ito.

Paano ba sinusuportahan ang mga mag-aaral na may kapansanan sa isang multi-age class?

Ang mga mag-aaral na may kapansanan ay lubos na sinusuportahan na makisali sa pag-aaral sa lahat ng klase, pati na sa mga multi-age class, sa isang ordinaryong klase man o sa support class na lugar. Nalalaman ng mga guro ang mga kalakasan, pangangailangan at mga layunin ng bawat mag-aaral, at gumagamit ng magkakaiba-ibang pagtuturo (differentiated teaching), mga makatwirang pagsasaayos at, kung kinakailangan, isang isinapersonal na pag-aaral at plano ng suporta upang tulungan silang magtagumpay. Ang mga pagpapasyang ito ay ginawa na kasama ang mga mag-aaral kung saan ay nararapat, at kasama ang mga magulang, tagapag-alaga at mga nauukol na kawani ng paaralan. Ang pagkakalagay sa isang multi-age class ay hindi nagbabago sa mga indibidwal na kaayusan ng suporta sa isang mag-aaral.

Ano ba ang sinasabi ng pananaliksik?

Ang mataas na kalidad na pagtuturo ay isang malaking impluwensya ng pag-aaral sa paaralan ng estudyante, na may mas mataas na epekto kumpara sa laki ng klase, komposisyon, o iba pang mga mapagkukunan. Ipinapakita ng pananaliksik na ang mga mag-aaral sa multi-age classes ay nakakatamo ng magkaparehong resultang akademiko sa mga mag-aaral sa mga tig-iisang taon na klase (single-year classes) kapag maayos ang pagkakaplano ng pagtuturo at ang mga mag-aaral ay nakakatanggap ng nararapat na suporta. Ang mga multi-age class ay nakakasuporta rin sa mga mag-aaral na makabuo ng pakikipagtulungan, pakikiramay at mga positibong relasyon sa kapwa na may iba't-ibang mga edad at kakayahan.

Telephone interpreter service (Serbisyo ng Pag-iinterprete sa Telepono)

Kung kailangan mo ng karagdagang impormasyon, mangyaring tumawag sa punong-guro. Kung kailangan mo ng isang tagasaling-wika upang tumulong sa iyong katanungan, mangyaring tumawag sa Telephone Interpreter Service sa 131 450 at humingi ng isang interpreter sa iyong wika. Sabihin sa opereytor ang numero ng telepono na gusto mong tawagan at kukuha ang opereytor ng isang interpreter sa linya upang tulungan ka sa pakikipag-usap. Hindi ka sisingilin para sa serbisyong ito.